Tagalog

Vol.53 | 2025.12



Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



Kaganapan

## Kurso sa Wikang Hapon para sa mga Beginner



©Ota City

**Gusto mo bang mag-aral ng wikang Hapon?**
**Ito ay kursong nakalaan para sa mga unang beses pa lamang mag-aaral ng wikang Hapon at mga nasa beginner level. Matututunan dito ang pagbasa at pagsulat ng Hiragana at Katakana, mga batayang salita, at pag-uusap. Maaaring sumali ang mga nakatira, nag-aaral, o nagtatrabaho sa Ota City na may edad 16 pataas.**

- (Kailan) Enero 19, 22, 26, 29; Pebrero 2, 5, 9, 12, 16, 19, 24 (Martes), 26; Marso 2, 5, 9, 12 ng taong 2026 (bawat Lunes at Huwebes
  *Ang Pebrero 24 [Martes] ay kapalit ng Pebrero 23 [Lunes, pista opisyal])
  10:00 am - 12:00 pm (Kabuuan: 16 na sesyon)
- (Saan) Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku)
- (Magkano) 2,000 yen (bayad para sa 16 na sesyon, mga aklat-aralin at materyales)
- (Ilang tao) Mga 15 katao
- (Paano mag-apply) Mag-apply mula sa website (first come, first serve)
- (Makipag-ugnay sa) Global City Ota Cooperation Association
  ☎ 03-6410-7981
  Fax 03-6410-7982
  Email：mail@ota-goca.or.jp

---

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Saan ···· Paano mag-apply ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

## Paunawa Paghahanap ng mga Miyembro ng Komite para sa "Pagtitipon ng mga Dalawampung Taong Gulang*" FY2026

*Ito ay isang kaganapan na ilulungsad ng Ota City upang ipagdiwang ang ika-20 kaarawan at palalimin ang pagmamahal sa komunidad. Ipinagdiriwang ito tuwing Seijin No Hi (Araw ng Pagiging Ganap na Nasa Hustong Gulang) sa Enero bawat taon.

Naghahanap kami ng mga miyembrong makikilahok sa pagpaplano at pamamahala ng seremonya na gaganapin sa Enero 2027, katuwang ng lungsod. Maaaring sumali ang mga ipinanganak mula Abril 2, 2006 hanggang Abril 1, 2007, at naninirahan sa loob ng lungsod. Gaganapin ang mga pagpupulong sa pagpaplano mula Mayo 2026 hanggang katapusan ng Enero 2027, humigit-kumulang 1-3 beses kada buwan tuwing gabi ng mga karaniwang araw, sa mga pasilidad ng lungsod tulad ng Ota City Office at Consumer Center (5-13-26-101, Kamata, Ota-ku).




Panahon ng aplikasyon Mula Disyembre 1, 2025 (Lunes) hanggang Enero 31, 2026 (Sabado)

Libre

10 katao (kung marami ang mag-a-apply, idadaan sa bunutan)

Mag-apply mula sa website

Youth Health Development Section, Community Activities Promotion Division

☎ 03-5744-1223

Fax 03-5744-1518

## Paunawa Paglipat ng Ota City's My Number Card Center

Ang Ota City's My Number Card Center ay lumipat sa harap ng JR Kamata Station. Walang paradahan ng sasakyan o bisikleta. Mangyaring gamitin ang paradahan ng Ota City Office na malapit dito o gumamit ng pampublikong transportasyon.

(Oras na bukas)
Lunes - Biyernes: 9:00 am - 7:00 pm
(tumatanggap hanggang 6:30 pm)
Sabado at Linggo: 9:00 am - 5:00 pm
(tumatanggap hanggang 4:30 pm)
(Sarado tuwing ika-3 Sabado at sumunod na Linggo, mga pista opisyal, at sa katapusan ng taon at bagong taon)

(Mga maaaring gawin)
Mga proseso kaugnay sa My Number Card
- Pagtanggap (sa pamamagitan ng advance reservation)
- Pag-extend ng validity period
- Muling pagtatakda ng PIN (pag-unlock)
- Pagbabago ng pangalan, address, atbp.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang aming website.

Ika-8 palapag ng VORT Kamata, 5-15-1 Kamata, Ota-ku

Ota City's My Number Call Center

☎ 0570-03-3370

Fax 03-5690-8760



©Ota City

## Paunawa Tungkol sa Pagkolekta ng mga Recyclable* at Basura sa New Year Holidays

*Recyclable: Diyaryo, flyer, magasin, carton, cardboard, bote/lata ng pagkain at inumin, PET bottle

Walang pagkolekta mula Disyembre 31, 2025 (Miyerkules) hanggang Enero 3, 2026 (Sabado).
Sa pagsisimula ng taon, babalik sa karaniwang pagkolekta mula sa Enero 5 (Lunes). Bilang espesyal na iskedyul, magkakaroon ng koleksyon ng nasusunog na basura sa mga lugar na nakatakda tuwing Miyerkules at Sabado sa Enero 4 (Linggo).
Sa New Year holidays, ang oras at kurso ng pagkolekta ay maaaring magbago nang husto kumpara sa regular na oras, kaya mangyaring itapon ang inyong mga recyclable at basura sa collection point bago mag-8:00 am sa araw ng pagkolekta.

Project Promotion Section, Waste Reduction Promotion Division
☎ 03-5744-1628
Fax 03-5744-1550



©Ota City

## Paunawa Mga Pamamaraan para sa Child Allowance sa New Year Holidays

Ang tanggapan ay hindi makakatanggap ng mga aplikasyon para sa child allowance mula Disyembre 27, 2025 (Sabado) hanggang Enero 4, 2026 (Linggo). Para sa mga anak na ipinanganak sa Disyembre o mga lumipat sa buwan na ito, mangyaring mag-apply sa loob ng 15 araw mula sa kinabukasan ng araw ng pagbabago (petsa ng kapanganakan o inaasahang petsa ng paglipat mula sa dating tirahan).
Tatanggapin ang mga aplikasyon kahit na hindi kumpleto ang mga nakalakip na dokumento, kaya mangyaring mag-apply sa loob ng deadline.

- Tanggapan ng Child Growth Support Section, Child Growth Support Division
- Mag-apply mula sa website
- Ipadala sa koreo

* Ang mga aplikasyon na maaaring isumite sa Branch Office ay para lamang sa mga aplikasyon para sa paglipat o panganganak. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.

Child Growth Support Section, Child Growth Support Division (Children's Medical Care)
(〒144-8621 Counter No.23, Ika-3 palapag ng 5-13-14 Kamata, Ota-ku)
☎ 03-5744-1275
Fax 03-5744-1525

## Paunawa Magpatingin para sa HIV Test

Ang Ota City Public Health Center ay nagsasagawa ng pagsusuri sa HIV nang libre at nang hindi makikilala ang indibidwal, dalawang beses sa isang buwan (Miyerkules). Bukod dito, ang pagsusuri at tanggapan ng konsultasyon sa east exit ng Shinjuku ay nagsasagawa ng pagsusuri araw-araw maliban sa mga pista opisyal. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.


©Ota City

Disyembre 24, 2025, Enero 7 at 21, 2026 (lahat ay Miyerkules) 9:00 am - 10:00 am
Medical Check-up Room sa ika-2 palapag ng Kamata Area Office
(2-1-1 Kamata-Honcho, Ota-ku)
Libre
Bawat 35 katao (kailangan ng reserbasyon)
Magpa-reserba sa website ng Ota City
Infectious Disease Countermeasures Section, Infectious Disease Countermeasures Division
☎ 03-4446-2643 Fax 03-5744-1524
Tokyo HIV Testing Reservation Center
☎ 050-3801-5309

## Kaganapan Klase sa Suporta sa Pag-aaral ng mga Bata

Isa itong klase para sa mga estudyante sa elementary school at junior high school na nag-aaral ng wikang Hapon. Hinihikayat naming dumalo ang mga batang nahihirapan sa kanilang mga aralin at mga takdang-aralin sa paaralan dahil hindi nakakaintindi ng wikang Hapon. Halina't mag-aral kasama ng mga boluntaryong may sapat na edad.

●Mga maaaring gawin sa klase

- Pagtulong sa mga takdang-aralin
- Pag-aaral ng nilalaman at mga salita sa aklat-aralin
- Aktibidad sa pag-aaral na gumagamit ng wikang Hapon, atbp.

●Para kanino

- Mga estudyante sa Grade 1 ng elementary school hanggang 3rd Year ng junior high school
- Mga batang pumapasok sa elementary o junior high school sa Ota City
- Mga batang nahihirapan sa wikang Hapon o nag-aaral ng wikang Hapon

Enero hanggang Marso 2026
(tuwing Miyerkules *Maliban sa pista opisyal)
3:45 pm - 5:15 pm
(Enero 14, 21, 28; Pebrero 4, 18, 25; Marso 4, 11, 18)
(Kabuuan: 9 sesyon)
Klase 1 (mga estudyante sa Grade 1 hanggang Grade 5 ng elementary school): 3:45 pm - 4:45 pm
Klase 2 (mga estudyante sa Grade 6 ng elementary school hanggang 3rd Year ng junior high school): 3:45 pm - 5:15 pm
*Maaaring pumili ng klase batay sa konsultasyon.

Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata)

Libre

Klase 1: mga 10 katao
Klase 2: mga 10 katao

• Tanggapan ng Global City Ota Cooperation Association
(Ika-2 palapag ng Ota International Exchange Center (Minto Ota) 4-16-8 Kamata, Ota-ku)
• Mag-apply mula sa website
• Email: mail@ota-goca.or.jp
• Fax 03-6410-7982
Kung marami ang gustong sumali, magsasagawa ng bunutan.

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 Fax 03-6410-7982
Email：mail@ota-goca.or.jp

## Kaganapan Special Exhibition: Sumunod kay Kaishu*! Paglalakbay ng Kabataan sa Ibang Bayan

*Kaishu: Katsu Kaishu. Isang Hapon na nabuhay mula 1823 (katapusan ng Panahon ng Edo) hanggang 1899 (Panahon ng Meiji)

Itinatampok dito ang mga liham na ipinadala ng mga Japanese student sa ibang bansa para kay Katsu Kaishu. Sa pamamagitan ng mga liham, ipinapakita ang damdamin nila para kay Kaishu at ang kanyang papel sa paghubog ng mga internasyonal na talento.

Nobyembre 14, 2025 (Biyernes) - Marso 8, 2026 (Linggo)
10:00 am - 6:00 pm *Regular holiday: Lunes
(kung pista opisyal, sa susunod na araw)

Katsu Kaishu Memorial Museum
(2-3-1 Minami-Senzoku, Ota-ku)

Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school student 100 yen (may iba't ibang discount)

Katsu Kaishu Memorial Museum
☎ 03-6425-7608 Fax 03-6425-7610

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

Inilathala Ota City Community Activities Promotion Division, Community Collaboration and Multicultural Section
Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku
Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 Fax 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)

▼ Multilingual Consultation Desk

Posibleng makita ang back issue ▶